AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 29

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* **Ang Ambisyosong Istetoskop.** ***Isinulat ito ni Luis P. Gatmaitan, M.D.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 29 |
| --- |
| Book Title: **Ang Ambisyosong Istetoskop** |
| Author: Luis P. Gatmaitan, M.D. |
| Source: Adarna House / Buribooks |
| Good afternoon! ☺ Si Teacher Robyn ulit!🧡<br>Maikli lang 'to na story, at kayang-kaya natin to! Naniniwala si Teacher sa inyo! 🧡<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Ano ulit ang promise natin sa isa't isa para sa reading natin? ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔<br><br>**(1) Kuna**<br>**(2) Humuhuni**<br>**(3) Luminga-linga (linga)** |

📍*Bigkasin natin ang kada-linya ang Part 1 ng ating librong, "Ang Ambisyosong Istetiskop". Ito ay isinulat ni Luis P. Gatmaitan, M.D., at guhit ni Beth Parrocha-Doctolero.*📣

💡Ambisiyoso si Istet: pangarap niyang sumikat at makilala sa buong daigdig.

💡Isang araw, may dayuhang nagkainteres sa kaniya. Inis na inis si Istet. Wala siyang magawa kundi sumama sa dayuhang kung tawagin nila ay "Pepe". Hindi niya gusto ang maliit na tindig at kayumangging si Pepe.

💡Madalas ay nagbibingi-bingihan siya kapag itinututok siya sa dibdib at likod ng mga pasyente ni Pepe. Minsan, sa loob ng bag na itim ni Pepe, narinig niyang sinabi ni Teroy Termomiter 🌡️ na kahanga-hanga raw si Pepe.

🌀"Mahusay gumamot ang kayumangging doktor!" pahayag ni Popoy Porsep.
🌀"Kahit 'yung walang pera ay ginagamot niya!" sabi naman ni Gringga Heringgilya.
🌀"At magaling din siyang manunulat!" sabi ni Pen-pen.

Biglang sumingit si Istet sa usapan.

🌀"Si Pepe, manunulat din?"

💡Natuwa si Istet sa kaniyang narinig. "Aba, kung totoo ngang magaling na manunulat si Pepe, bukod sa doktor pa siya, may pag-asang matupad ang mga pangarap ko. Kapag sumikat si Pepe, syempre pati ako!"

💡Isang umaga, nagtaka si Istet nang hindi siya binitbit ni Pepe papuntang ospital. Araw-araw kasi'y dala-dala siya ni Pepe sa pinagsasanayan nitong ospital. Ngunit kinabukasan, at nang sumunod pang mga araw, hindi pa rin siya ginagamit ni Pepe. Sumilip siya sa bag na itim at laking-gulat nang makita niyang si Pen-pen ang hawak-hawak ni Pepe. Pumasok ang matinding selos at inggit sa puso ni Istet.

🌀"May bago nang paborito si Pepe," bulong niya.
🌀Dahil dito, buong-tapang niyang tinanong si Pen-pen, "Bakit mo inagaw si Pepe sa akin?"

Mabait na nagpaliwanag si Pen-pen.

🌀"Istet, balang-araw, maiintindihan mo rin kung bakit kailangang sumulat ni Pepe ng aklat. Huwag ka nang magtampo. Halika, ipakikilala kita kina Noli Me Tangere at El Filibusterismo."
🌀"Hmmmmpp!" Umismid lang si Istet.

Isang gabi, sinubukan ni Istet na silipin kung ano ang nilalaman ng aklat na pinagkakaabalahang sulatin ni Pepe.

🌀“Aba, masama pala ang ugali ng mga fraileng Espanyol!”
🌀“Bakit laging nakikialam ang mga Espanyol?”
🌀“Magkakatuluyan kaya sina Ibarra at Maria Clara?”

Marami pa siyang natuklasan sa aklat na iyon.

💡Mula noon, kapag tulog na ang lahat, dahan-dahan siyang bumabangon upang basahin ang aklat at subaybayan ang mga nangyayari sa mga tauhan ni Pepe.

💡Hindi nagtagal, nagbalik si Pepe sa kaniyang bayan at dito'y nakaharap ni Istet ang mga taong kayumanggi. Noong una'y umiral ang selan niya. Amoy-araw at amoy-pawis ang nakakaharap nila. Pero bigla niyang naisip na ito marahil ang mga aping tauhan sa aklat ni Pepe. Kaya pinagbuti niya ang pakikinig sa mga tunog, tibok, at hininga ng mga kababayan ni Pepe.

🌀“Magaling ang doktor na galing sa Madrid!” sabi ng mga taong nagpapagamot.

💡Pero napansin ni Istet na minsa'y may mga taong nagpapakonsulta pero hindi tungkol sa karamdaman nila. May iba silang binabanggit bukod sa lagnat, sakit ng ulo, at sakit ng tiyan. Nagrereklamo ang mga ito sa pagmamalabis ng mga Espanyol.

💡Narinig din ni Istet na galit ang mga Espanyol kay Pepe. Muli ay naalala niya ang mga aklat na sinulat nito.

🌀“Alam mo Istet, may sakit ang ating lipunan. Kaya lang, ang sakit na ito ay di simpleng ubo, sipon, tigdas, o paglulusaw lamang. Gustong gamutin ni Pepe ang sakit na ito kaya nagagalit ang mga Espanyol.”
🌀Kasabay ng pagkamulat ay sinabi ni Istet, “Pen-pen, gusto ko ang mga ginagawa ni Pepe. Kakampi niya ako.”

Hindi sukat-akalain ni Istet na dahil lamang sa mga sinulat na aklat ni Pepe ay ipadarakip sila ng mga Espanyol. Napadpad sila sa Dapitan, isang bayang ubod nang layo sa Maynila.

🤓Oops! Hanggang dito muna tayo mga bata! Tapos na ang Part 1!

✏ **GAWAIN**
Nagustuhan ba natin ang kuwento ni Istet? ☺ Sabay-sabay natin balikan ang kuwento niya! 🤓 Kung may papel tayo sa bahay, gamitin natin ito para maalala ang ating nakikita sa story! Kung wala, okay lang!

❓Sino si Istet? Saan siya nanggaling? Sinu-sino ang mga kaibigan ni Istet?
❓Sino si Pepe? Ka-ano ano siya ni Istet? Sila ba ay magkaibigan din?
❓Ano ang nadiskubre ni Istet tungkol kay Pepe?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

📍Tignan natin kung gaano kagaling ang imahinasyon ninyo! Ano kaya ang itsura ng mga tauhan ng ating binasa sa araw na ito? Pwede ninyo ba iguhit si Istet at ang kanyang mga kaibigan?

📍Ano sa tingin ninyo ang susunod na mangyayari kay Istet? Ito ay iguhit or isulat sa inyong mga papel.

✔️Congrats sa pagtapos ng pagbasa, mga bata! ✔️✔️✔️ Proud na proud ako sa inyo!

✔️May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤️

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.